THE FILIPINO-CANADIAN NEWS AND INFORMATION www.talibaFlipzMedia.com

TALIBA

#555 DECEMBER 04-15, 2025 FlipzMedia PUBLISHED IN TORONTO, ONTARIO

# Kinatatakutang polar vortex maaaring magpakita sa lalong madaling panahon




**Noong 2014, ang term na "polar vortex" pumasok sa buong Canada at U.S. habang bumaba ang temperatura. Sa ilang lugar, mas malamig pa ito kaysa sa Mars.**

Sinabi ng forecasters na parte ng Western at Central Canada mararamdaman ang epekto ng naturang phenomenon na magdadala ng frigid weather sa mga darating na linggo.

Bagama't ang term ay naging popular isang dekada na ang nakaraan, sa katunayan, ang polar vortex ay palaging nandiyan. Kadalasan nananatili ito sa mataas na lugar sa norte.

Ang polar vortex ay nasa upper atmosphere, espisipiko sa stratosphere. Kung ito ay stable, doon ito mananatili. Gayunpaman, minsan sa taglamig, ito ay nagde-destabilize at pumupunta sa timog, dala ang malamig na hangin sa lower altitudes. Ito ay nag-i-interact sa jet stream sa troposphere, kung saan nakatira ang mga tao, at iyon ang nagdadala ng mas malamig kaysa normal na temperatura.

Once every two years there is a disruption of the polar vortex. So you get very strong warming like tens of degrees Celsius in a few days, which is associated with a breakup or stretching or disruption of these winds, ani Michael Sigmond, isang research scientist sa ***Environment & Climate Change Canada***.

Isang illustration kung ano ang nagaganap kapag ang polar vortex ay na-disrupt.

Ang isa ay tinatawag na sudden stratospheric warming, ito ang matinding pag-init sa upper atmosphere, humigit-kumulang 30 kilometro sa itaas ng mundo. Nakakagambala iyon sa daloy at dinadala nito patimog.

***Ano rito ang tatama sa Canada?***

Hindi pa ito matukoy sa ngayon, aniya, bagama't ang ilan naniniwala na ito ay magiging isang sudden stratospheric warming event, na magdadala ng malamig na hangin sa timog.

Ngunit saan ito pupunta matapos maapektuhan ang Western at Central Canada?

***That's probably the biggest question.***




*Ulat ng RCI*

# GET OUT OF DEBT WITHOUT BANKRUPTCY

## Deal directly with the Licensed Debt Professionals™ at David Sklar & Associates

We are licensed by the Canadian government to file and administer programs that can relieve your serious debt problem and give you a 'fresh start'

- Get Out of Debt
- Stop Collection Calls
- Stop Interest Charges
- One Low Monthly Payment
- Without Bankruptcy
- Without Loans





Cori Naron,
Certified Insolvency Counsellor (BIA),
Estate Administrator

## For Your Free Consultation
## Call (416) 498-9200 ext. 236

DAVID SKLAR & ASSOCIATES INC.
Licensed Proposal Administrators & Licensed Insolvency Trustee

HEAD OFFICE: 245 FAIRVIEW MALL DRIVE, SUITE 720, TORONTO, ONTARIO, M2J 4T1

NORTH YORK ▪ TORONTO ▪ PICKERING / AJAX ▪ MISSISSAUGA / ETOBICOKE ▪ BRAMPTON

# PBBM hindi kukurap kahit anong mangyari – Malacañang

**PILIPINAS** - Hindi magpapaapekto si Pangulong Ferdinand "Bongbong" Marcos Jr. sa ano mang panawagan sa kanyang pagbibitiw dahil tatapusin nito ang termino hanggang 2028.18dential Communications Office (PCO) Secretary Dave Gomez kasabay ng pagsasabing naka-monitor lamang ang Pangulo sa mga nagaganap na rally nitong Linggo, Nobyembre 30.

"We respect the people's right to peacefully assemble and express their anger, their frustration over this flood control issue at kaisa nila kami," ayon kay Gomez sa isang television interview.

Aniya, bagama't may nananawagan sa pagbibitiw ng Pangulo ay wala itong balak na magbitiw



dahil tatapusin umano nito ang kanyang termino hanggang 2028.

"He will finish the job – the job that he began," pahayag pa ng kalihim.

Binanggit pa ni Gomez na si Pangulong Marcos ang nagsiwalat ng korapsiyon sa mga flood control project sa ikatlong State of the Nation Address (SONA) noong Hulyo 28.

"He is not blinking, and he will see this through. He will finish this and sabi nga ng pangulo, 'sinimulan ko ito, tatapusin ko ito'," paglalahad ni Gomez.

Muli namang tiniyak ng kalihim na mapapanagot ang mga "big fish" sa flood scam dahil ito ang pinangako ni Pangulong Marcos.

"Bago magpasko mas marami pa ang makukulong kasama na diyan 'yung mga tinatawag nilang big fish," saad ni Gomez.

Dinagsa ng mga tao ang "Trillion Peso March" na isinagawa sa EDSA People Power Monument sa Quezon City at sa "Baha sa Luneta 2.0" rally sa Quirino Grandstand sa Maynila.

Sinabi naman ni Department of Interiror and Local Government Secretary Jonvic Remulla na generally peaceful ang mga naganap na rally sa Metro Manila at iba't ibang bahagi ng bansa.

Wala umanong naganap na untoward incident mula ng magsimula ito ng umaga hanggang pasado alas-5:00 ng hapon nitong Linggo..

*- ABANTE NEWS*

APPLY TODAY - WORK TOMORROW!

We currently have openings for:
GENERAL LABOUR
PACKAGERS
ORDER PICKERS / PACKERS
MATERIAL HANDLERS
SHIPPER / RECEIVERS
CERTIFIED FORKLIFT OPERATORS




EXTRA PERSONNEL
Kipling at Taber
Between Wendys and Daisy Mart
2140 Kipling Avenue Unit 5
Toronto, ONT M9W 4K5.

7:00 a.m.-4:00 p.m.
Call our Filipino Recruiter
Alvin Rota
416-740-3959



We offer the best pay rates in the industry, long and short-term assignments, tremendous full-time employment possibilities and access to some of Canada's top employers.

Applicants must have a great work ethic, a good command of the English language and safety shoes.

EXTRA
INDUSTRIAL PERSONNEL INC.
www.extraindustrialpersonnel.com

# Seksing Condo ng Mississauga



*"Sa tuwing mapapagawi ako sa Hurontario at Burnhamthorpe sa Mississauga makikita mo ang seksing building apartment na ito na tinaguriang Marilyn Monroe ang sexy actress sa America. Kahanga-hanga at kakaiba isang tourist attraction sa lungsod,"* - Rolee Cabrera / TALIBA Newspaper

Kapag nag-iisip tayo ng iconic buildings, ang agad nating naiisip ay ang matataas na gusaling puno opisina, iyan man skyscrapers, maluluhong palasyo o grandyosong istruktura. Ngunit may ilang gusaling pangresidensya na kapuri-puri rin ang arkitektura. Patunay ito na ang mga istrukturang pangtirahan ay hindi kailangang nakababato.

Matatagpuan sa lungsod ng Mississauga malapit sa Toronto, ang gusaling pangresidensya ay tinawag na Marilyn Monroe condos dahil sa hourglass nitong hugis. Ang maalindog nitong anino ay tila palaban sa boxy, cookie-cutter skyscrapers na dominante sa 21st-century skylines. Paano nga bang ang gusaling ito ay kahanga-hangang naikurba? Bawat palapag ay inikot ng ilang degree, kaya ito seksi ang hitsura. Ang proyekto ay likha ng MAD, isang Chinese architecture firm. Tulad ng taong pinaggayahan nito, ang gusali ay nagtamo ng mga tagahanga at mga parangal at pagkilala kabilang ang Best Tall Buildings in the Americas, na iginawad ng Chicago-based Council on Tall Buildings and Urban Habitat noong 2012.




# Alice Guo habambuhay KULONG



Iniutos ng Pasig Regional Trial Court Branch 167 ang agarang paglipat kay dating Bamban, Tarlac Mayor Alice Guo sa Correctional Institute for Women sa Mandaluyong City matapos patawan ng habambuhay na pagkabil-anggo sa kasong qualified trafficking kaugnay ng ilegal na ope¬rasyon ng Philippine Offshore Gaming Operator (POGO) hub sa kanyang bayan sa Pampanga.

Kabilang sa mga nahatulan sina Rachelle Malonzo Carreon, Jaimielyn Cruz at Walter Wong Rong na kasama ni Guo sa trafficking operation sa loob ng Baofu compound sa Bamban. Pinagbabayad din sila ng tig-P2 milyon bilang multa at tig-P600,000 kada biktima para sa moral at exemplary damage.

Samantala, pinalaya matapos maabsuwelto ng korte ang mga vendor at Filipino incorporator ng ilegal na POGO na sina Thelma Laranan, Rowena Evangelista, Rita Yturralde, Merlie Joy Castro, at Maybeline Millo matapos mapatunayang biktima sila ng identity theft bagaman nahaharap pa rin sila sa bailable na kaso ng money laundering.

Kasama sa hatol ang pagbawi sa P6 bilyon na halaga ng Baofu compound pabor sa gobyerno.

Ayon kay Deputy State Prosecutor Olivia Torrevillas, wala ang mga akusado sa pagbasa ng hatol at dumalo lang sa pamamagitan ng video conference.

Sa imbestigasyon, napatunayan na nirentahan ni Guo ang espasyo para sa Zun Yuan sa pamamagitan ng leasing company na Baofu.

Ayon sa Department of Justice (DOJ) dahil dito ay inakusahan si Guo ng paglabag sa Expanded Anti-Trafficking in Persons Act of 2022 dahil sa pag-oorganisa, pagbibigay ng pondo o pamumuno sa human trafficking.

Kasama rin sa reklamo ang ilang opisyal ng ilegal na POGO, kabilang sina Dennis Cunanan, Zhang Ruijin at Lin Baoying, na kasalukuyang at-large.

Kasosyo ni Guo sa negosyo sa Baofu si Huang Zhiyang, ang kilalang lider¬ ng isang Chinese gang na hinahanap ng mga awtoridad sa China.

"This is a victory, not only for my office, but sa lahat ng ahensiyang nagtrabaho rito. This is something symbolic. What we fought for… nga¬yon, napatunayan natin sa pagkakaisa ng bawat ahensiya at pagtutulungan. We made this possible," ani Acorda. ***ABANTE News***



## JOKES OnLEE

**How many tickles does it take to get an octopus to laugh?** *Ten tickles.*

**What's the difference between a poorly dressed man on a unicycle and a well-dressed man on a bicycle?** *Attire*

**Why were they called the Dark Ages?** *Because there were lots of knights.*

**Two goldfish are in a tank.** *One looks at the other and says, "You know how to drive this thing?!"*

**Why aren't koalas actual bears?** *The don't meet the koalafications.*

**What did one toilet say to the other?** *You look flushed.*

**Why are fish so smart?** *Because they live in schools!*

**Is this pool safe for diving?** *It deep ends.*

# Canada nagbigay ng P23M dagdag tulong para sa mga biktima ng bagyo sa Pilipinas

***Isang siklista dumaan sa nasirang gas station matapos ang Super Typhoon Fung-Wong (Super Bagyong Uwan) sa Bayombong, Nueva Vizcaya, Pilipinas kamakailan.***



Inanunsyo ng Embahada ng Canada sa Pilipinas sa isang social media post ang dagdag na tulong ng Canada para sa mga nasalanta ng Typhoon Fung-wong (Super Typhoon Uwan) sa Pilipinas.

Bukod pa ito sa P26 milyon na humanitarian assistance na inanunsyo ni Secretary of State for International Development Randeep Sarai noong Oktubre 15 para sa mga biktima ng magkasunod na lindol sa bansa.

Matatandaan na noong unang bahagi ng Oktubre, ang Pilipinas ay niyanig ng malalakas na lindol, partikular ang rehiyon ng Central Visayas at Davao.

- Magnitude 6.8 lindol niyanig ang Davao Oriental sa Pilipinas, tsunami alert inisyu
- Hindi bababa sa 69 ang namatay sa 6.9-magnitude na lindol sa Cebu sa Pilipinas

Dalawang back-to-back na bagyo ang puminsala sa Pilipinas kamakailan.

Noong Nobyembre 4, ang Typhoon Kalmaegi (Bagyong Tino) hinagupit ang central provinces ng bansa, kung saan 224 katao ang namatay. Pagsapit ng Nobyembre 9, dumating naman ang Typhoon Fung-wong. Isang super typhoon na nagdulot ng mga pagbaha, mudslide at pagkawala ng kuryente sa hilagang parte ng Pilipinas, kung saan namatay ang 18 katao at nawalan ng tirahan ang higit 1.4 milyon.

Ayon sa Embahada, handang tumulong ang Canada sa mga naapektuhan ng natural na kalamidad at patuloy na makikipagtulungan sa mga partner nito upang isulong ang disaster risk reduction, resilience at preparedness sa Pilipinas

-.***RCI***

# DATOL ORDER



*Ulat ni Mon Datol*

## Cong Meow-meow 60 araw suspendido walang suweldo; Duterte tinabla ng ICC; 'Walang deal sa kriminal'- PBBM; Zaldy Co bilyones deposito sa 205 bank account; Ex-DPWH Engr. Alcantara nagsoli ng P110M sa flood control scam; P79B binulsa sa mga 'ghost' flood control; Babes Singson, kumalas na sa ICI; VP Sara 335 security escorts ang pinasusuweldo – COA

**********

Sinuspendido ng House ethics committee ng Kamara nang walang suweldo sa loob ng 60 araw ang kontrobersyal na kongresista na si Cavite 4th District Rep. Kiko Barzaga kaugnay ng mga umano'y nagawa niyang mga "kasalanan" bilang miyembro ng Kongreso.

**Natahimik pagngiyaw ni Cong Meow-meow sa Kongreso.**

********

Bumoto ang 249 kongresista pabor sa suspensiyon kay Barzaga, habang 11 naman ang nag-abstain at 5 ang hindi sumang-ayon sa reklamong inihain laban sa kanya ng ilang miyembro ng National Unity Party (NUP) at sa findings ng komite ay nagsasabing guilty si Barzaga ng disorderly behavior dahil sa bastos na mga post at litrato sa kaniyang social media accounts.

**O, hayan, meow-meow, sikat ka na, suspendido na eyh!?!**

********

At kailangang i-delete ni Barzaga lahat ng 24 offensive at reckless post niya sa FB account niya sa loob ng 24 oras kasabay ng babala ng mas matinding parusa kung mauulit ang nangyari. Tinanggal na rin ng batang 'pusa' mga mahahalay na ipinoste niya, kung hindi ay...

**Di lang ililigaw, papalayasin pa meow-meow sa Kongreso.**

********

Tinatayang P79 bilyon ang posibleng ibinulsa lamang ng mga kawatan dahil sa mga natuklasang "ghost" flood control project simula noong 2016, hindi pa kasama rito ang nalugi sa gobyerno sa mga substandard na proyekto na maaaring umabot umano sa P180 bilyon ayon kina Senate President Pro Tempore Panfilo "Ping" M. Lacson at Sen. Win Gatchalian.

**Nakngdragon, Ka RollyCab! Ga-bundok pala ninakaw pera ng bayan!**

********

At ayaw ipabalik sa kaban ng bayan ni Sen. Dante Marcoleta ang bilyong posibleng ninakaw ng 'flood control scam royalty couple' sa mga DPWH 'ghost projects' kapag pumasang 'state witness' mag-asawang Curlee at Sara Discaya dahil wala raw yatang batas hinggil sa 'restitution'?

**Anyare Ka Dante? Paki-esplika naman ang 'hatian' err, ang batas ng WPP.**

********

Dapat na kasing ibalik ang 'death penalty' sa Pinas at isama sa mga henious crimes na bibitayin mga magnanakaw ng pera ng bayan, mga pulitikong kumi-kickbacks sa mga kontratista ng gobiyerno, mga child traffickers, drug lords, drug pushers, economic sabateurs, magnanakaw ng lupa ng magsasaka at mahihirap...

**Isama rin nagto-tongits at cara y cruz, hehehe, joke lang.**

********

Nagbitiw si dating DPWH secretary Rogelio "Babes" Singson bilang miyembro ng Independent Commission for Infrastructure (ICI), na nagsisiyasat sa umano'y anomalya sa flood control projects at kinumpirma ito ni ICI chairperson Justice Andres Reyes Jr. nitong Miyerkoles dahil umano sa "health reasons and security."

**Next ICI commissioner Mr. PBBM, sana alaws ka-apelyidong pulitiko**.

********

Tinabla ng International Criminal Court (ICC) Appeals Chamber ang apela ni dating DDU30 na pansamantalang makalaya at ipinag-utos na manatili ito sa detention facility habang nagpapatuloy ang pag-usig sa mga kasong "crimes against humanity" kaugnay ng kanyang giyera kontra droga.

**Huwag na kasing umasa, Inday Sara, di na uuwi iyong Ama.**

********

Di siguro problema nina Sara, Pulong at Baste ang gastusing-legal at gastusin pag-travel sa pagbisita sa Tatay nila sa The Hague dahil bilyones siguro pera ng mga Duterte; biruin nyong bayad lang month-

ly kay lawyer Nicolas Kaufman ay di yata bababa sa 20K Euro, paano pa plane tix, food at hotel accomodations ng pamilya Duterte pag-bisita ke DDU30 sa ICC jail. Tama nga yata sinasabi mga amuyong na...

**Matutuyuan ng tubig ang dagat, hindi ang kaban ng DU30.**

********

'Walang deal sa kriminal' ang hayagang sinabi ni PBBM matapos ibunyag na tinangka siyang i-blackmail ni dating Ako Bicol Party-list Rep. Zaldy Co sa pamamagitan ng kanyang abogado, na hindi na maglalabas ng video ang kanyang kliyente basta huwag kanselahin ang kanyang pasaporte. Kahit 3-taong teleserye araw-araw ilabas ni Zaldy Co o' nino man laban ke PBBM...

**Di kayang takutin tutuong Ilokanong Marcos! Yong Imee, pwede, kaya, balimbing yon, eyh.**

********

Kumita umano ng P3,989,079,370 cash deposit sa 205 bank accounts mula 2021 hanggang 2025, ng puganteng bilyonaryo-politiko na si dating Rep. Zaldy" Co ayon sa AMLC, mas malaki kumpara sa kinikita niya bilang negosyante. Bukod sa mga bank account, may 12 insurance policies din si Co sa BPI AIA Life Insurance, Insular Life, at Sun Life Canada na pina-freeze ng AMLC.

**Bilyon-bilyon pala talaga kinukurakot ni Zaldy Co. Me resibo!**

********

Mas malaki rin umano ang nasabing cash deposit sa naipong pera ni Zaldy Co 7 taon bago siya naging miyembro ng Kongreso kaya nagduda ang AMLC na posibleng nakuha ito sa ilegal na paraan. Biruin nyong kasama umano si Co sa 20 hanggang 25 porsiyentong kickback mula sa "ghost projects" sa Bulacan kasabwat ang mga regional at district engineers ng Department of Public Works and Highways (DPWH). Kumita umano si Co ng P10,410,832,750.00 sa mga kickback.

**Pinambili mga eroplano, helicopter, condos, mansions etc.**

********

Nasilip din ng AMLC ang iba pang hindi pagkakapare-pareho sa kinikita ni Co at sa kanyang aviation assets. Natuklasan na ang Misibis Aviation ay walang kakayahang pinansiyal para bilhin ang dalawang Agusta Westland AW1398 choppers at Gulfstream G350 ni Co na binili noong 2021 at 2024 sa kabuuang halaga na P3.9 bilyon.

**Ano ngayon sinasabi ni Co na wala siyang kita sa scam?**

********

Sa pagiging kongresista, malawak ang impluwensiya ni Co bilang chairman ng House Committee on Appropriations dahil bahagi siya ng "small committee" na may kapangyarihang magsingit o amiyendahan ang mga item sa national budget. Ang tanong ngayon...

**Sino-sino kasama ni Co sa 'small committee' ng Kongreso?**

********

Ex-DPWH Engineer Henry Alcantara nagsoli ng P110M kinita sa flood control scam sa kaban ng bayan bilang bahagi ng "restitution" kaugnay ng flood control scandal, at sa loob ng dalawang linggo ay magbabalik pa umano ng P200 milyon," pahayag ni PBBM sa isang video message.

**Naga-apply sa WPP si Henry Alcantara. Me pag-asa kaya?**

********

Hindi lang si dating Bamban, Tarlac Mayor Alice Guo ang public official na may kuwestiyonableng citizenship kundi pati na rin ang nakaupong alkalde ng Pagadian City na si Samuel Co, na parehas Chinese citizens magulang at ipinanganak sa isang Clinica Santo Nino sa barangay na hindi alam at kilala ng mga tao.

**'Alice Go 2' ang kaso nitong Yorme Samuel Co? Abangan!**

********

Umaabot sa 355 ang security escorts ni VP Sara Duterte na naka-payroll pa rin sa kabila ng naunang mga pahayag niya na mag-avail ng private services para sa kaniyang seguridad base sa ulat ng COA sa spending ng OVP noong 2024 at may 165 plantilla positions at 616 non-plantilla si VP Sara kung saan 335 dito ang mga security escorts na nasa ilalim ng VPSPG.

**Halos isang batalyon pala bantay ni VP Sara, pati lamok di makalapit.**

********

**SHORT ORDER:** Rest in Eternal Peace Ka Eddie Alinea, seasoned sports journalist of Meycauayan, Bulacan na napakalaki ang naitulong sakin nuong nagu-umpisa pa lang akong maging sportswriter sa Pinas nuong 1986. Yumao si Ka Eddie last week ayon sa kaniyang son na si fotog Wendell Alinea. Taos-pusong pakikiramay sa inyong pamilya, Wendell. Maraming Salamat, Ka Eddie. Hanggang sa Muli.

***Paalam, Kaibigan. God Bless.***



## JOKES OnLEE

*Ang LALAKE* kapag nahuhuli sa kalokohan..**MAGAPAPALUSOT MUNA**, ***tapos sumusuyo kaagad! Pero ang BABAE*** kapag nahuli sa kalokohan, **NagGAGALIT-GALITAN muna** ***tapos mambabaligtad!***

**HINDI AKO TAMAD . . . SADYANG MASIPAG LANG AKONG MAGPAHINGA!**

**ANAK**: **Tatay, ang daming lamok**
**TATAY**: PATAYIN MO ANG ILAW PARA HINDI TAYO MAKITA!
***(pagkapatay ng ilaw LUMITAW ANG MGA ALITAPTAP)***
**ANAK**: ***TATAY . . . BUMALIK SILA*** **MAY DALANG FLASHLIGHT*!***

Masama magtanim ng galita sa kapwa. **Pero mas masamang magtanim ng BATA sa di mo siyota!**

**Instead of a SIGN that says: "DO NOT DISTURB" I need one that says " ALREADY DISTURB PROCEED WITH CAUTION"**

A gang decided to rob a bank…they opened every vault and found only cups of yogurt. So they ate it all…

***Next day, in CNN news:***

"**BIGGEST SPERM BANK ROBBED**!"

Use chocolate in a sentence...
**CHOCO NA LATE AKO....**

**Roses are red, skies are blue, Monkeys like you, should be kept in zoo. Don't get angry...** ***you'll find me their too***...**Not in the cage, but laughing at you.**

**Teacher**: Arnold, what do you call a person who keeps on talking even when people are no longer interested??
**Arnold**: ***A teacher!!!***

How does Moses make his coffee? **Hebrews it.**

How many apples grow on a tree? **All of them**!

Why couldn't the bicycle stand up by itself? ***It was two tired!***

# Apela ni Duterte sa pansamantalang paglaya, malaki ang tyansang mabasura – ICC lawyer



***Nasa larawan sina Atty. Kristina Conti, assistant to counsel ng ICC at Duterte***

**Tiwala ang kampo ng mga biktima ng drug war na ibabasura ng appeals chamber ng International Criminal Court (ICC) ang apela ng kampo ni dating Pangulong Rodrigo Duterte kaugnay sa hirit nitong pansamantalang paglaya o interim release.**

Matatandaang una na itong tinanggihan ng pre-trial chamber ng ICC.

Ayon kay Atty. Kristina Conti, assistant to counsel ng ICC, hindi pumapasa sa pamantayan ng ICC ang mga argumento ng kampo ni Duterte para sa interim release.

Aniya, ang desisyon na ito ay 99% confident sila na hindi papayagan ang apela.

"Dahil sa matibay na factual at legal findings ng Pre-Trial Chamber, walang dahilan para baliktarin ang desisyon nila nung September na hindi i-grant ang interim release. Sa madaling salita, walang batayan para palayin si Duterte," wika ni Conti.

Sa kasaysayan ng ICC at doon sa parametro, ang basic umanong criteria ng interim release ay kung pasok sa pamantayan ang kagustuhan ni Duterte, bagay na para sa kanila ay napakalayo sa katotohanan.

Dagdag pa niya, kahit sakaling pagbigyan ng appeals chamber ang apela, halos wala rin itong magiging epekto sa kabuuang takbo ng kaso.

Sa ngayon, nakatuon ang kampo ng mga biktima sa magiging desisyon ng ICC kaugnay sa isyu ng fitness to stand trial ng dating pangulo.

***By Bombo Dennis Jamito***



***" kahit sakaling pagbigyan ng appeals chamber ang apela ni dating Pangulong Duterte, halos wala rin itong magiging epekto sa kabuoang takbo ng kaso"***

# VR Stones & Quartz Inc.

***VR Stones & Quartz Inc. is a family-owned and operated business with almost 10 years of experience fabricating and installing Quartz, Granite, Marble, and other stone products.***

VR Stones & Quartz Inc. is a family-owned and operated business with almost 10 years of experience fabricating and installing Quartz, Granite, Marble, and other stone products. We carry our own Quartz materials which we import overseas with a simple goal of making everyone s dream a reality by having your beautiful kitchen countertop in a reasonable/affordable price but on a stunning and timeless look.


We also source from all major slab suppliers such as MSI Stone, Caesarstone, Hanstone, Silestone, TCE Stone, Kstone Quartz, Lucent Quartz, Highland Stone & Quartz, Vicostone and more. Whether you re eyeing for Quartz or Granite etc., we are able to get and fabricate it to your specifications.

At VR Stones & Quartz Inc., we personally involved in every project from the beginning stages of planning to final installation, ensuring the results you see at completion are exactly what you envisioned. We take a hands-on, individual approach to work with each of our clients, focus on the quality, superior service and client satisfaction.




With our expertise, we have top notch ideas to help you design your dream kitchen by considering the room s size, lighting level, intended use, and desired colors. Our experts can let you know what materials, manufacturers, and designs will work best for your project. Since we know how frustrated planning a renovation in designing your kitchen or other areas of your house that requires a countertop, VR Stones & Quartz Inc. also offer all kinds of services available from demolition, plumbing, tiling, disposal etc. to ensure that you are 100% satisfied and stress free with the outcome of your project.

Our clients include both residential and commercial customers, as well as builders and designers. For all your countertop needs, please feel free to call us and experience what all our satisfied clients have experienced from us!




**For More Information CALL: 647-877-6133**



# JOKES OnLEE

*A husband coming home from a confession, suddenly he lifted his wife and carried her.*

**Wife:** *Why did the priest tell you to be romantic like this?*

**Husband: No, he told me to carry my cross!**

---

Wonder girls may say,

**"I want nobody, nobody but you.."**

Then, the boys will reply,

**"I want your body, your body not YOU!!!"**

---

True bravery is to arrive home.. fully drunk from late night out and mom waiting with a broom in hand, then you asked:

**"Hey mom, still cleaning?"**

---

*Do you know the last thing my grandfather said to me before he kicked the bucket?*

**"Grandson, watch how far I can kick this bucket."**

---

What's the difference between a poorly dressed man on a tricycle and a well-dressed man on a bicycle? ***Attire!***

---

**Why did the kid throw his clock out the window?**

***Because he wanted to see time fly.***

---

**Which bird has the worst manners?** ***Mocking birds.***

---

**What do you get from a pampered cow?**

***Spoiled milk.***

---

**I can't take my dog to the park because the ducks keep trying to bite him.**

***I guess that's what I get for buying a pure bread dog.***

---

**What did the big flower say to the little flower?**

***Hi, bud!***

---

**How does NASA organize a party?**

***They planet.***





# Hayan ang Top 10 'most complained' National Government Agencies ng 2025 ng Pilipinas

Sa gitna ng sunod-sunod na isyung kinakaharap ng bansa na may kaugnayan sa malawakang korapsyon, iba't ibang kalamidad na nagdulot ng pinsala, at anomalya sa imprastraktura, tila tahasan na kung paano ihayag ng mga Pilipino ang kani-kanilang mga hinaing at sentimyento.

Patunay ito ng mga nagdaang kilos-protesta na layong ipanawagan ang katiwaliang nangyayari sa Pilipinas.

Kaugnay nito, inilabas ng Anti-Red Tape Authority (ARTA) ang Top 10 National Government Agencies (NGAs) na nakatanggap ng pinakamaraming reklamo mula sa taumbayan, na sumasakop sa tala mula Enero 1 hanggang Oktubre 31 ng taong kasalukuyan. •

# Pabibilisin na ng gobyerno ang proseso ng spousal reunification




**Ottawa, ON** – Pinabibilis at pinadadali ng pamahalaan ng Canada ang pagsasama-sama ng Canadians at permanent residents at kanilang mga pamilya.

Sa atas ni John McCallum, Minister of Immigration, Refugees and Citizenship, nagsimula na ang Immigration, Refugees and Citizenship Canada (IRCC) sa pagpapabilis ng proseso. Simula noong simula ng 2016 hanggang sa taglagas, ang processing times ay nabawasan nang 15 porsyento para sa in-Canada applications at mahigit 10 porsyento para sa mga aplikasyon sa labas ng Canada.

Simula Disyembre 7, 2016, ang processing times ay lalo pang paiiksiin sa maraming spousal applications na ngayon ay pinoproseso nang 12 buwan. Ang mga kumplikadong kaso ay posibleng mangailangan nang mas mahabang panahon.

Ang mga aplikanteng naghain na ng kanilang aplikasyon ay hindi na kailangang maghintay ng karagdagang 12 buwan upang ma-finalize ito. Ipagpapatuloy ng IRCC ang pagproseso ng aplikasyon ayon sa pagkakatanggap nito. Karamihan sa mga pamilya na naghihintay ay posibleng magkaroon ng desisyon sa kanilang sponsorship application nang hindi lalagpas sa Disyembre 2017.

Ang mga pagbabagong ito ay inaasahang mapakikinabangan ng mahigit 64,000 aplikante sa katapusan ng 2017, at ang pinakahuling hakbang upang mapagkaisang muli ang mga pamilya.

"We have listened to Canadians and are delivering results. Bringing families together makes for a stronger Canada. Canadians who marry someone from abroad shouldn't have to wait for years to have them immigrate or be left with

# PBBM at BSP nagpulong re monetary policy, ekonomiya, inaasahang makakabawi sa 2026

Inaasahang makakabawi ang ekonomiya ang Pinas pagsapit ng 2026.

Kasunod ito ng pulong sa pagitan ni Pangulong Ferdinand R. Marcos Jr. at Bangko Sentral ng Pilipinas (BSP) Governor Eli Remolona kanina sa Palasyo ng Malakanyan kung saan tinalakay ang desisyon sa monetary policy nitong nakaraang Oktubre at ang kasalukuyang economic outlook.

Ayon sa BSP, bumaba ang inflation sa 1.7 porsiyento, habang ang inflation para sa bottom 30 porsiyento ng mga kabahayan ay nasa –0.4 porsiyento.

Dahil dito, ibinaba ng Monetary Board ang policy rate sa 4.75 porsiyento upang suportahan ang mas abot-kayang pangungutang para sa mga pamilya at negosyo.

Ipinaliwanag ni Remolona na ibinaba nila ang policy rate upang pasiglahin ang mas mataas na demand.

Patuloy naman ang magandang inflation outlook, kaya kampante ang Pilipinas sa pagrepaso at pagbabawas ng policy rate. Para sa 2026, ang inflation forecast ay nasa humigit-kumulang 3.1 porsiyento na pasok sa target, habang sa 2027 inaasahang nasa 2.8 porsiyento ang inflation outlook.

Sinabi ng BSP na nakikita ang pagbangon sa 2026 at ang pagbabalik sa target range ng pamahalaan pagsapit ng 2027.

Muling tiniyak ni Pangulong Marcos ang kanyang pangako na pangalagaan ang katatagan ng ekonomiya at lumikha ng mga kondisyon para sa mas matatag at mas malawak na paglago para sa lahat ng Pilipino.

*-Ulat ng* **Bombo News**

# COVID-19 vaccine bagong campaigns inilunsad sa Canada para sa 2025-26



Sinimulang i-roll out ng mga probinsya at teritoryo ang updated na mga bakuna upang protektahan ang mga tao mula sa COVID-19.

Ayon sa immunization guide ng Public Health Agency of Canada ang mga COVID na bakuna ay nakitang epektibo sa pag-iwas sa malubhang karamdaman, kasama ang pagkakaospital at kamatayan at maaaring bawasan ang risk ng post-COVID-19 condition, o long COVID.

Ang vaccination campaign dumating habang ang mga kaso ng COVID-19 kung saan ang mga tao ay pumupunta sa emergency o urgent care para sa respiratory symptoms ay tumaas. Humigit-kumulang 10 porsyento ng tests ay positibo para sa linggo na natapos noong Setyembre 20, tumaas mula 9.6 porsyento noong linggo bago iyon, ayon sa federal respiratory virus snapshot.

**Ano ang mga bakuna na available?**

Ngayong taglagas, binigyan ng awtorisasyon ng Health Canada ang pinakabagong mRNA vaccines. Ang Moderna ay available para sa anim na buwang gulang pataas at ang Pfizer-BioNTech ay available para sa limang taong gulang pataas. Kinokonsidera ng infectious disease physicians ang parehong bakuna na pantay.

**Ano ang inirerekomenda ng vaccine advisers sa Canada?**

Lahat ng matanda 65 pataas ay inirerekomenda na magpabakuna laban sa COVID-19, nabakunahan man sila dati o hindi, ayon sa National Advisory Committee on Immunization dahil sa kanilang increased risk.

Inirerekomenda rin ang bakuna para sa anim na buwan ang edad pataas na:

- Mga residente ng long-term care homes at iba pang group settings.
- Namumuhay na may underlying medical conditions na inilalagay sila sa mas mataas na panganib na magkaroon ng malalang COVID-19.
- Buntis.
- Mga indibidwal na nasa o mula sa First Nations, Inuit at Métis communities.
- Mga health-care worker at ibang care providers sa mga pasilidad at community settings.
- Mga miyembro ng racialized at ibang equity-denied communities.

Lahat ng tao anim na buwan ang edad pataas ay maaaring magpabakuna ng updated COVID shot kung nais nila, kahit ang mga taong ito ay hindi naman high risk, ayon sa national advisory group.

**Kailan dapat magpabakuna?**

Ang Ontario sinimulan nang gawing available ang COVID na bakuna sa mga prayoridad na grupo tulad ng mga residente ng long-term care homes at ang ibang probinsya at teritoryo ito rin ang gagawin sa mga darating na linggo.

**Ano ang mag-iiba ngayong taon?**

Ang pinakahuling bakuna kasama ang LP.8.1, isang offshoot ng shape-shifting Omicron variant.

Ang updated vaccine works against the current strains that are circulating, ani Dr. Donald Vinh, isang infectious diseases specialist sa McGill University Health Centre.


If you receive this updated LP8.1 dose, you actually will get [a] nice fourfold increase in the antibody levels compared to if you didn't get this vaccine.

Tinawag ni Vinh ang latest formulation ng mga bakuna bilang important buffer laban sa potensyal na pagkakaospital at kahit kamatayan habang ang mga bagong strain ay umiikot at ang immunity mula sa dating impeksyon at mga bakuna ay humihina.

**Magkano naman ito?**

Para sa karamihan ng Canadians, ang COVID na bakuna ay libre.

***May dalawang exceptions. Ang Alberta (bagong window) maniningil ng $100, at ang Quebec (bagong window) $150 hanggang $180, para sa mga tao sa labas ng tinatawag ng mga probinsya na high-risk groups.*** **- RCI**




# Puwede Mo Bang Makita ang Di-nakikitang Diyos?



"ANG Diyos ay Espiritu." (Juan 4:24) Hindi siya nakikita ng tao. Pero sa Bibliya, may mga tao na parang nakakita sa Diyos. (Hebreo 11:27) Paano nangyari iyon? Puwede mo ba talagang makita ang "di-nakikitang Diyos"?—Colosas 1:15.

Ikumpara ang ating sitwasyon sa isa na ipinanganak na bulag. Dahil ba bulag siya, hindi na niya maiintindihan ang daigdig sa palibot niya? Hindi naman. Nakakakuha siya ng impormasyon sa iba't ibang paraan kaya nauunawaan niya ang mga bagay-bagay. Sabi ng isang lalaking bulag, "Hindi lang mata ang nakakakita, ang isip din."

Sa katulad na paraan, kahit hindi nakikita ng iyong pisikal na mga mata ang Diyos, makikita mo siya gamit ang "mga mata ng [iyong] puso." (Efeso 1:18) Magagawa mo ito sa tatlong paraan.

## "MALINAW NA NAKIKITA MULA PA SA PAGKALALANG NG SANLIBUTAN"

Karaniwan nang mas matalas ang pandinig at pandamdam ng isang bulag, na ginagamit niya para maunawaan ang mga hindi niya nakikita. Magagamit mo rin ang iyong mga pandama para masuri ang daigdig sa palibot mo at maunawaan ang di-nakikitang Diyos na lumalang nito. "Ang kaniyang di-nakikitang mga katangian ay malinaw na nakikita mula pa sa pagkalalang ng sanlibutan, sapagkat napag-uunawa ang mga ito sa pamamagitan ng mga bagay na ginawa."—Roma 1:20.

Kuning halimbawa ang



ating planetang Lupa. Hindi ito dinisenyo para lang mabuhay tayo, kundi para masiyahan din sa buhay. Kapag nararamdaman natin ang simoy ng hangin at init ng araw, nalalasahan ang masasarap na prutas, o naririnig ang huni ng mga ibon, talagang natutuwa tayo. Hindi ba ipinakikita niyan na maalalahanin, magiliw, at bukas-palad ang ating Maylalang?

Ano ang matututuhan mo tungkol sa Diyos mula sa nakikita mo sa uniberso? Ipinakikita ng mga langit ang kapangyarihan ng Diyos. Ipinahihiwatig ng kamakailang pagsasaliksik sa siyensiya na ang uniberso ay hindi lang basta lumalawak, kundi bumibilis pa ang paglawak! Kapag tinitingnan mo ang langit sa gabi, isipin ito: Saan nanggagaling ang enerhiyang nagpapabilis sa paglawak ng uniberso? Sinasabi ng Bibliya na ang Maylalang ay 'sagana sa dinamikong lakas.' (Isaias 40:26) Ipinakikita ng paglalang ng Diyos na siya ang "Makapangyarihan-sa-lahat"—ang Isa na "dakila sa kapangyarihan."—Job 37:23.

## "SIYANG NAKAPAGPALIWANAG TUNGKOL SA KANIYA"

Isang ina ng dalawang batang may depekto sa paningin ang nagsabi: "Napakalaking bagay ng pagkukuwento para matuto sila. Sabihin sa kanila ang lahat ng nakikita't naririnig mo, [at] ipaliwanag ang mga iyon. Ikaw ang mata nila." Sa katulad na paraan, bagaman "walang taong nakakita sa Diyos kailanman," ang Anak niyang si Jesus na nasa tabi niya, ang "siyang nakapagpaliwanag tungkol sa kaniya." (Juan 1:18) Bilang unang nilalang at bugtong na Anak ng Diyos, si Jesus ang naging "mata" natin sa langit. Siya ang pinakamabuting mapagkukunan ng impormasyon tungkol sa di-nakikitang Diyos.

Pansinin ang ilang sinabi ni Jesus tungkol sa kaniyang Ama, na kasama niya sa loob ng di-mabilang na mga taon:

- Napakasipag ng Diyos. "Ang aking Ama ay patuloy na gumagawa hanggang ngayon."—Juan 5:17.

- Alam ng Diyos ang ating kailangan. "Nalalaman ng . . . inyong Ama kung anong mga bagay ang kinakailangan ninyo bago pa man ninyo hingin sa kaniya."—Mateo 6:8.

- Ang Diyos ay bukas-palad na naglalaan sa atin. "Pinasisikat niya ang kaniyang araw sa mga taong balakyot at sa mabubuti at nagpapaulan sa mga taong matuwid at sa mga di-matuwid."—Mateo 5:45.

- Mahalaga sa Diyos ang bawat isa sa atin. "Hindi ba ang dalawang maya ay ipinagbibili sa isang barya na maliit ang halaga? Gayunma'y walang isa man sa kanila ang mahuhulog sa lupa nang hindi nalalaman ng inyong Ama. Ngunit ang mismong mga buhok ng inyong ulo ay biláng na lahat. Kaya nga huwag kayong matakot: nagkakahalaga kayo nang higit kaysa sa maraming maya."—Mateo 10:29-31.

## IPINAKITA NG ISANG TAO ANG MGA KATANGIAN NG DI-NAKIKITANG DIYOS

Kadalasan nang iba ang paraan ng mga bulag sa pag-unawa sa mga bagay-bagay. Para sa isang bulag, maaaring ang lilim ay isang lugar na malamig, sa halip na may anino. Kung paanong ang isang taong bulag ay hindi nakakakita ng anino ni ng liwanag, hindi rin natin makikita, o maiintindihan, si Jehova kung sa ganang atin lang. Kaya naglaan si Jehova ng isang tao na makapagpapakita ng Kaniyang personalidad at mga katangian.

Ang taong iyon ay si Jesus. (Filipos 2:7) Hindi lang sinabi sa atin ni Jesus ang tungkol sa kani-

yang Ama kundi ipinakita rin niya ang mga katangian ng Diyos. Hiniling ng alagad niyang si Felipe: "Panginoon, ipakita mo sa amin ang Ama." Sumagot si Jesus: "Siya na nakakita sa akin ay nakakita rin sa Ama." (Juan 14:8, 9) Ikaw, ano ang "nakikita" mo tungkol sa Ama batay sa mga ginawa ni Jesus?

Si Jesus ay mapagmahal, mapagpakumbaba, at madaling lapitan. (Mateo 11:28-30) Gustong-gusto siya ng mga tao. Nadarama niya ang kirot na nadarama ng iba, at nakikigalak sa kagalakan nila. (Lucas 10:17, 21; Juan 11:32-35) Kapag binabasa o pinakikinggan mo ang mga ulat ng Bibliya tungkol kay Jesus, gamitin ang iyong mga pandama at gawing buháy na buháy sa isip ang mga pangyayari. Habang pinag-iisipan mo kung paano nakitungo si Jesus sa mga tao, lalo mong makikita ang kahanga-hangang personalidad ng Diyos at mapapalapít ka sa Kaniya.

## BUUIN ANG LARAWAN

Ganito ang sinabi ng isang awtor tungkol sa kung paano nauunawaan ng isang bulag ang daigdig sa palibot niya: "Nakakakuha siya ng pira-pirasong detalye sa iba't ibang paraan (sa pandamdam, pang-amoy, pandinig, at iba pa), at napagsasama-sama niya ang mga ito para mabuo ang impormasyon." Habang pinagmamasdan mo ang mga lalang ng Diyos, binabasa ang sinabi ni Jesus tungkol sa kaniyang Ama, at sinusuri kung paano ipinakita ni Jesus ang mga katangian ng Diyos, nabubuo rin ang isang magandang larawan ni Jehova. Sa gayon ay magiging totoong-totoo siya sa iyo.

Ganiyang-ganiyan ang naranasan ni Job na nabuhay noong sinaunang panahon. Noong una, siya ay 'walang kaunawaan.' (Job 42:3) Pero matapos pag-isipang mabuti ang kamangha-manghang mga lalang ng Diyos, sinabi ni Job: "Nakarinig ako ng tungkol sa iyo, ngunit ngayon ay nakikita ka nga ng aking mata."—Job 42:5.

'Kung hahanapin mo si Jehova, hahayaan niyang masumpungan mo siya'

Puwede rin iyang mangyari sa iyo. "Kung hahanapin mo [si Jehova], hahayaan niyang masumpungan mo siya." (1 Cronica 28:9) Matutuwa ang mga Saksi ni Jehova na tulungan kang hanapin at makita ang di-nakikitang Diyos. **-JW.org**

## MATUTO KAY JESUS

# Maglaan ng Panahon Para Makilala ang Diyos

Magiging makabuluhan ang buhay mo kapag naglaan ka ng panahon para makilala ang Diyos at maging kaibigan siya. Kapag ginawa mo iyan, ipinapakita mong mahalaga sa iyo ang espirituwal na pangangailangan mo. Tingnan kung ano ang itinuro ni Jesus tungkol dito.



### Ang sinabi ni Jesus

**"Maligaya ang mga nakauunawa na kailangan nila ang Diyos."**—Mateo 5:3.

Gusto nating malaman ang sagot sa mga tanong na ito: Ano ang layunin ng buhay? Bakit nagdurusa ang maraming tao? Ano ang nangyayari kapag namatay tayo? Kapag nalaman natin ang sagot sa mga iyan, talagang magiging masaya tayo.

**"Ang tao ay mabubuhay, hindi lang sa tinapay, kundi sa bawat salitang sinasabi ni Jehova." a—Mateo 4:4.**

Kailangan natin ng pisikal na pagkain; ganoon din pagdating sa espirituwal na pagkain. Ipinakita ni Jesus na para masapatan ang espirituwal na pangangailangan natin, dapat na lagi tayong umasa sa Diyos.

**"Ang iyong salita ay katotohanan."—Juan 17:17.**

Itinuro ni Jesus na pangunahin nang ginagamit ng Diyos ang Salita Niya, ang Bibliya, para sapatan ang espirituwal na pangangailangan natin.

Pinapasigla ka namin na maglaan ng panahon para makilala ang Diyos at sapatan ang espirituwal na pangangailangan mo para maging masaya ka. Ito ang ilan sa makakatulong sa iyo:

Basahin ang Bibliya. Wala itong bayad.

Mag-request ng libreng pag-aaral sa Bibliya na may kasamang tagapagturo.



# 4 Talaga Bang Ginawa Tayo Para Magdusa?

Para saan pa na gumawa ang Diyos ng magagandang bagay kung ang buhay naman ng tao ay punô ng pagdurusa?

Ginagamit ng mga taong di-relihiyoso ang pagdurusa para kuwestiyunin ang motibo ng Diyos o ang pag-iral niya. Kaya raw tayo nagdurusa kasi (**1**) ***walang kapangyarihan ang Diyos na alisin ito***, (**2**) ***walang pakialam ang Diyos kung magdusa man tayo***, o (**3**) ***wala talagang Diyos***.

Iyan lang ba ang mga posibleng dahilan ng pagdurusa?

## Ang Sinasabi ng Bibliya

**Hindi tayo ginawa ng Diyos para magdusa.**

Gusto niyang ma-enjoy natin ang buhay.

"Wala nang mas mabuti para sa [mga tao] kundi ang magsaya at gumawa ng mabuti habang nabubuhay sila, at na ang bawat isa ay dapat kumain, uminom, at masiyahan sa lahat ng pinaghirapan niya. Regalo iyan ng Diyos."

—***ECLESIASTES 3:12, 13.***

**Maganda ang layunin ng Diyos para sa unang mag-asawa.**

Hindi niya gustong magdusa sila—o ang mga anak nila.

"Pinagpala sila ng Diyos at sinabi: 'Magpalaanakin kayo at magpakarami, punuin ninyo ang lupa at pangasiwaan iyon.'"

—***GENESIS 1:28.***

Pinili ng unang mag-asawa na humiwalay sa Diyos.

Bilang resulta, nagdusa sila at ang lahat ng anak nila.

"Sa pamamagitan ng isang tao, ang kasalanan ay pumasok sa sangkatauhan at dahil sa kasalanan ay pumasok ang kamatayan, kaya naman ang kamatayan ay lumaganap sa lahat ng tao, dahil silang lahat ay nagkasala."

—***ROMA 5:12***.

Hindi tayo ginawa ng Diyos para mabuhay nang wala ang patnubay niya.

Kung paanong hindi tayo nilikha para mabuhay sa ilalim ng dagat, hindi rin naman tayo nilikha para pamahalaan ang ating sarili.

**"Hindi para sa taong lumalakad ang ituwid man lang ang sarili niyang hakbang."**

—***JEREMIAS 10:23.***

Hindi gusto ng Diyos na magdusa tayo.

Gusto ng Diyos na mabuhay tayo nang walang problema hangga't posible.

**"Kung magbibigay- pansin ka lang sa mga utos ko, ang kapayapaan mo ay magiging gaya ng ilog."**

— ***ISAIAS 48:18***.

## Alam mo ba?

Hindi nakikisali ang mga Saksi ni Jehova sa politika, pero ipinagpapasalamat at nirerespeto namin ang mga ginagawa ng gobyerno. (Roma 13:1; 1 Timoteo 2:1, 2) Para sa iba pang impormasyon, bisitahin ang **JW.org** Basahin ang "***Bakit Neutral sa Politika ang mga Saksi ni Jehova?***"







P.O. Box 73066 / 2300 Lawrence Ave. E. Toronto, ONT M1P 2R2

# TALIBA/Flipz Media

***(Magazine & Social Media Services)***

We reserve the right to refuse sexist, racist or otherwise offensive advertising. Information has been obtained by Taliba Newspaper Canada Ltd / Flipz Media from sources believed to be reliable. However, because of the possibility of human or mechanical error by our sources, the publisher and its research staff can not guarantee the accuracy, adequacy, or completeness of any information and is not responsible for any errors or omissions or the results obtained from use of such information. The views expressed in TALIBA are those of the writers/contributors and do not represent the opinions of the editors and / or the publisher. Statements made in advertisements printed, inserted or attached to TALIBA are not endorsed in any manner whatsoever. Most texts and photos in this issue are from reliable sources gathered by our research team and staff. TALIBA/ FLIPZ MEDIA aims to strenghten the mind, body and spirit of our readers so that they may have realistic views of life and be able to cope with daily problems. We are non-political, non-religious, non-partisan, non-competitive and non-racial. We stand for truth, justice, equality and fraternity. We intend to make a difference.

***"Bringing your products & services at the forefront of digital industry."***

**ABOUT:** While maintaining a politically neutral position, it will promote positive views about Canadian cultures and heritage. Media hub that merges Filipinos to other cultures through culinary ideas, music, entertainment, business and current affairs. Provides helpful information for new immigrants concerning employment, government assistance etc. The magazine will help entrepreneurs promote their services, as well as artists showcase their talents. The magazine will provide point of contact information concerning government programs, business start-up, talent hub and charities.

**SERVICES:** Provide magazine and online social media presence while promoting business services and talents. Provide photography/ videography services for social events, weddings, portraits and starting modelling portfolio. Provide advertisement design layout including photography service for promotional purposes. Provide website design and web hosting businesses.

*VISIT **www.talibaflipzmedia.com** or CALL ROLLY : **647-287-1870***